# Pumalaot sa Malalim

## A Lord's Flock Worship Service Topic

Ni: Fr. Glenn Galao, MGL

Nobyembre 7, 2026

Ang ating buhay ay isang paglalakbay na tila paglalayag sa karagatan. Maaari tayong makaranas ng mga pangamba, pagsubok, at kabiguan. Sa gitna ng mga hamong ito, marami sa atin ang pinipiling manatiling ligtas sa loob at komportableng espasyo na nakasanayan na natin. Gayunpaman, bilang mga Kristyano, hindi pa natin talaga naipapamuhay ang buhay na gusto ng Diyos na pumalaot sa malalim, dahil natatakot tayong lumabas sa ating comfort zone. Gusto nating mabago ang ating sitwasyon, ngunit takot tayong makipagsapalaran. Tugunan natin ang paanyaya ng Diyos na lumabas sa nakasanayan natin at simulan ang paglalakbay patungo sa mas malalim na relasyon sa Kanya.



1. Humingi tayo ng gabay mula sa **"Spiritual Exercises"** ni San Ignacio de Loyola. Gusto niya noon ng pagbabago at maging tanyag, kaya nagdesisyon siyang maging kabalyero at magsilbi sa hari. Habang nakikipaglaban siya, tinamaan siya ng bala ng kanyon. Pagkatapos operahan ang binti, hindi na siya nakalakad gaya ng dati. Habang siya ay nagpapagaling, nagbasa siya ng mga aklat tungkol sa buhay ni Hesus at mga santo gaya nina St. Dominic at San Francisco. Nagpasya siyang tularan ang kanilang pamumuhay at ialay ang kanyang buhay kay Hesus. Binuo niya ang Spiritual Exercises na isinagawa sa loob ng tatlumpung (30) araw, sa pamamagitan ng mapanlikhang pagninilay o "imaginative contemplation."

2. **Mapanlikhang Pagninilay.** Habang nagbabasa tayo ng Bibliya, subukan nating isipin na isa tayo sa mga tauhan sa kwento.
   2.1. Si San Pedro Apostol, – "Isang paglalakbay ng Pananampalataya." Tinawag si Simeon Pedro na pumalaot sa malalim at ihagis ang lambat para makahuli (Lk. 5:1-4). Bilang mangingisda, alam na niya na walang mahuhuling isda, pero sumunod pa rin siya kay Hesus kahit hindi niya alam kung anong susunod na mangyayari. Noong sumunod na siya, saka lamang niya nalaman na ipadadala siya sa isang misyon para maging mangingisda ng mga tao. Ganundin sa atin, tinatawag muna tayo at hinihintay ni Hesus ang ating OO . Kapag nag oo na tayo saka lamang natin malalaman ang misyon natin.
   2.2. Lumakad si Hesus sa ibabaw ng tubig (Mt. 14:22-34). Inatasan ni Fr. Glen Galao ang kapulungan na pagnilayan ang kanyang mga tagubilin: **"**Inaanyayahan ko kayong ipikit ang inyong mga mata at isipin na kayo ay nasa loob ng bangka, natatakot at humihingi ng tulong kay Hesus. Sa tuwing hinahayaan ng Diyos na dumaan tayo sa mga pagsubok, nais Niyang makita na mas nagtitiwala tayo sa Kanya. Kaya naman, ang pagpapalalim ng ating relasyon sa Diyos ay nagbibigay-daan upang makalabas tayo sa ating nakasanayan, at malayang maglakbay
   2.3. Binigyan si Pedro ng misyon na maging mamamalakaya ng mga tao. Kung hindi matatag ang kanyang pananalig, hindi siya magiging mamamalakaya ng mga tao at hindi siya magiging unang pinuno at unang Santo Papa. Kaya naman, sinubok ang kanyang pananalig. Hiniling ni Hesus na maglakad siya sa ibabaw ng tubig dahil ipagkakatiwala sa kanya ng Panginoon ang isang responsibiidad. Nauwaaan ni Pedro na ang kanyang misyon ay isang misyon ng pag-ibig. Ipinagbilin sa kanya ng Panginoon, "Mahalin mo ang Aking bayan, tupa, at mga minamahal Ko." Hindi magkakaroon ng saysay ang misyon kung walang pag-ibig
   2.4. Higit pa rito, kapag natapos na ang kalendaryo ng Eukaristiya sa loob ng tatlong lingo, sisimulan na natin ang Adbiyento, ang tunay na bagong taon. Kaya naman kilalanin natin ang ating misyon ng pagmamahal. Kung hindi, madali tayong mapagod. Dagdag pa nito, kahit na dumadaan tayo sa mga pagsubok, patuloy tayong nagmamahal. Ang pag-ibig ng Diyos ang bumabalot at nag-iingat sa atin.
   2.5. Puspusan din magtatrabaho ang kaaway upang pigilan tayong maisakatuparan ang ating misyon. Magtiwala tayo na sasamahan tayo ng Diyos at ililigtas Niya tayo. Ayon kay San Francisco de Sales, "Ligtas nating malalampasan ang bawat bagyo nang may pagtitiwala sa Diyos."

**KONKLUSYON.**

Malulunod ang bawat isa sa atin kapag pumalaot tayo nang mag-isa. Darating si Kristo at iaabot Niya ang Kanyang kamay upang iligtas tayo.

**PAGNINILAY:**

1. Kumusta ang iyong karanasan sa pagninilay?
2. Ano ang susunod mong gagawin? Pag-isipan mo ang iyong misyon.

**SCRIBES Ministry**
Isinalin ni: Nida A. CRuz
Na-edit ni: Ma. Vera Tuplano
Tags: #Pagninilay #Misyon
https://lordsflock.org/teachings/digests/
https://www.facebook.com/share/p/1GyCD5aYCP/